



# Mga Pagsusuri

## HIV Viral Load

Huling binago noong September 2003

### Ano ang Viral Load?

- Ang Viral Load ay isang pagsusuri na sumusukat sa dami ng HIV virus sa iyong dugo. Hindi nito binibilang ang virus mismo, kundi ang mga bagay na galing sa virus na napupunta sa iyong dugo kapag ang virus ay nagpaparami.
- Kung ikaw ay HIV positive, mayroon kang HIV virus sa iyong dugo.
- Kung ang Viral Load ay mababa, mararamdaman mong mas malusog ka. Kapag tumaas ito, mararamdaman mong ikaw ay may sakit.

### Anu-anong impormasyon ang nasa Viral Load report?

- Makikita sa HIV Viral Load test report kung gaano karami ang virus sa bawat c.c. ng dugo.
- Sa ngayon ang HIV viral load test ay sumusukat sa HIV virus mula sa 50 hanggang 500,000 sa bawat c.c. ng dugo lamang. Kung mas mababa sa 50 sa bawat c.c., ang nakalagay sa report ay “Undetectable”.
- Kung ang viral load ay undetectable, hindi ito nangangahulugang wala kang virus sa iyong dugo. Hindi rin ito nangangahulugang nagamot na ang iyong HIV.
- Kahit na ang viral load ay 0, hindi pa rin ito nangangahulugang nagamot na ang iyong HIV dahil sa may mga HIV virus sa ibang lugar ng katawan na hindi pa maaaring sukatin (Hal: lymphatic system, at iba pang mga organs sa katawan, atbp.)

### Ano ang magagawa ko upang mabawasan ang aking viral load?

- Ang mga gamot na panlaban sa HIV ay makatutulong sa pagbawas ng HIV virus na tungo rin sa pagpapababa sa viral load.
- Kung ang iyong viral load ay higit sa 50,000 kailangan mong isangguni ito sa iyong doktor upang mapag-usapan ang paggamot sa iyo.

### Ano ang sinasabi ng HIV Viral Load test tungkol sa aking kalusugan?

- Sinusukat ng HIV Viral Load test kung gaano kasigla ang virus sa pagpaparami sa iyong katawan. Mas mataas ang viral load, mas mabilis ang pagdami ng virus at mas aktibo ang iyong sakit.
- Kung imiinom ka ng mga gamot laban sa HIV at ang mga ito ay mabisa, ang iyong viral load ay dapat bumaba. Samakatwid, ipaalam sa iyo ng viral load kung ang iyong mga gamot ay nakatutulong at sumusugpo sa iyong HIV. Kung matagal ka nang umiinom ng gamot laban sa HIV at ang iyong viral load ay nananatiling mataas (detectable) maaari itong mangahulugang ang mga gamot mo ay hindi mabisa. Isangguni ito sa iyong doktor at pag-usapan kung anong ibang gamot ang maaaring subukan na mas makagagaling.



## Ano ang kaibahan ng bilang ng T4 (CD4) sa Viral Load?

- Ang bilang ng T4 at ang Viral Load ay mga pagsusuri sa dugo na magpapaalam sa iyo kung gaano ka kalusog at kung paano maaapektuhan ng HIV ang iyong katawan, nguni't magkaiba ang impormasyong ibinibigay nito.
- Ang bilang ng T4 (CD4) ay magsasabi sa iyo kung gaano kalusog ang iyong immune system. Ipaalam nito sa iyo kung gaanong sira na ang naidudulot ng HIV virus sa iyong immune system. Maaari ka nitong bigyan ng babala tungkol sa panganib ng pakakaroon ng ibang sakit.
- Ang Viral Load ay magsasabi sa iyo kung gaano kasigla ang HIV virus sa iyong katawan. Sasabihin nito kung gaano kabilis magparami ang virus. Ipaalam din nito kung ang iyong mga gamot sa HIV ay epektibo.

**Copyright @ACAS 2001 & 2003.** This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : [www.acas.org/treatment](http://www.acas.org/treatment). ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: [support@acas.org](mailto:support@acas.org)

**Legal Disclaimer:** While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.